

****Kasunduan sa Remitly Business Account****

****Canada****

Welcome sa Remitly Business, na inihahatid ng Remitly Canada, Inc., isang korporasyon sa British Columbia ("Remitly", "kami", "namin", "amin"). Nakasaad sa Kasunduan sa Business ("Kasunduan") na ito ang mga tuntunin at kundisyon kung saan puwedeng gamitin ng iyong business ("Customer", "ikaw", "iyong") ang aming mga international na serbisyo ng money transfer para sa business mo ("Business Account" o "Serbisyo sa Business" o "Serbisyo") at iba pang feature na posible naming gawing available sa iyo sa pamamagitan ng Business Account mo at gaya ng inilalarawan sa Kasunduang ito. Sa pamamagitan ng pag-access o paggamit sa aming mga serbisyo, sumasang-ayon kang susunod at mapapailalim sa Kasunduang ito. May bisa ang Kasunduang ito simula Oktubre 28, 2025. Nalalapat ang Kasunduang ito sa Serbisyo sa Business ng Remitly sa Canada.

Maliban sa anumang pagbabagong gagawin sa Kasunduang ito o sa Serbisyo na nalalapat kung isa kang sole proprietor sa Quebec na itinuturing na consumer sa ilalim ng *Consumer Protection Act* (Quebec) ("QCPA"), kung saan nalalapat ang talata sa ibaba, nang napapailalim sa naaangkop na batas, nakalaan sa Remitly ang karapatan, sa aming sariling pagpapasya, na baguhin, susugan, ibahin o i-update sa iba pang paraan ang Kasunduang ito o alinman sa mga Patakarang nakalista sa ibaba, kabilang ang pagbabago, pagdaragdag, o pag-aalis ng mga bahagi ng Kasunduang ito, anumang oras. Bibigyan ka namin ng maagang abiso tungkol sa anumang pagbabago kapag iniaatas sa amin ng batas na gawin ito.

Para sa mga Residente sa Quebec lang: Hindi alintana ang anupamang pagbabago o susog na probisyong nakasaad sa Kasunduang ito, kung isa kang sole proprietor sa Quebec na itinuturing na consumer sa ilalim ng QCPA, bibigyan ka namin ng 30 araw na maagang abiso tungkol sa anumang pagbabago at isasaad sa abiso sa iyo ang pagbabago, ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagbabago at ang mga karapatan mong tumanggi sa nasabing pagbabago at ipawalang-bisa ang Kasunduan nang walang bayad, parusa o bayad-pinsala para sa pagkansela sa pamamagitan ng pagpapadala sa amin ng abiso tungkol sa paggawa nito nang hindi lalampas sa 30 araw pagkatapos magkaroon ng bisa ang pagbabago. Kung hindi ka sasang-ayon sa binagong mga tuntunin at kundisyon, dapat kang huminto sa paggamit ng Mga Serbisyo. Ang mga pagsusog at update ay maaaring nalalapat sa: (i) katangian ng Mga Serbisyo; (ii) pagiging kwalipikado at paggamit sa Mga Serbisyo; (iii) seguridad ng Account; (iv) Katanggap-tanggap na paggamit; (v) mga komunikasyon at abiso; (vi) mga fee, singil at bayad na nauugnay sa Mga Serbisyo; (vii) namamahalang batas at hurisdiksyon; (viii) mga disclaimer, limitasyon ng liability at warranty, o (ix) anupamang probisyon sa Kasunduang ito, kabilang ang mga karapatan, obligasyon at liability mo o namin sa ilalim ng Kasunduang ito.

Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng Serbisyo pagkatapos magkaroon ng bisa ang anumang pagbabago sa Kasunduang ito, ituturing na sumasang-ayon ka at tinatanggap mo ang mga pagbabago. Maaari mong suriin ang pinakabagong bersyon ng Kasunduan anumang oras sa aming website. Sumasang-ayon kang hindi mo dapat baguhin ang Kasunduang ito at kinikilala mong ang anumang pagsubok mong baguhin ang Kasunduang ito ay hindi kikilalanin.

Huwag gumawa ng Business Account kung hindi ka sumasang-ayon na mapailalim sa mga tuntunin ng Kasunduang ito. Kung, pagkatapos magbukas ng Remitly Business Account, ay gusto mong wakasan ang Kasunduang ito, magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagsasara sa iyong Remitly Business Account. Hindi sinasaklaw ng Kasunduang ito ang mga serbisyo sa consumer. Kung plano mong gamitin ang Remitly para lang sa mga layuning pampersonal, pampamilya o pang-sambahayan, huwag mag-set up ng Business Account. Kung gusto mong gamitin ang Remitly para sa mga layuning pang-business at pampersonal, maaari kang mag-set up ng mga consumer at business account para pamahalaan ang mga nasabing aktibidad. Suriin ang aming website para sa higit pang impormasyon.

PAKIBASA NANG MABUTI ANG KASUNDUANG ITO. May legal na bisa ang mga tuntunin ng Kasunduang ito.

1. Tungkol sa Kasunduang ito

Mga terminong binibigyang-kahulugan. May partikular na kahulugan ang mga terminong nasa malaking titik sa Kasunduang ito. Ipinapaliwanag sa Kasunduang ito ang kahulugan ng mga ito.

Anong mga panuntunan ang sinusunod namin. Ang Remitly ay nakarehistro sa Canada sa Financial Transactions Reports Analysis Centre of Canada (FINTRAC), na may registration number na **M15481516**. Ang Remitly ay nakarehistro bilang business ng serbisyo sa pera at nakakapagbigay ito ng mga transaction sa foreign exchange at serbisyo sa money transfer sa mga customer na residente sa Canada.

Iba pang Kasunduan at Patakarang dapat mong sundin: Sa paggamit ng aming Business Account, sumasang-ayon ka ring mapailalim sa aming (i) [Patakarang sa Privacy](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>) at (ii) [Patakarang sa Cookie](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/cookies#:~:text=These%20cookies%20record%20your%20visit,third%20parties%20for%20this%20purp>) (kung sama-sama, ang “Mga Patakarang”).

Sumasang-ayon kang matanggap, sa electronic na anyo, ang kopya ng Kasunduang ito,

anumang karagdagang tuntunin, ang Mga Patakarán, mga kinakailangang disclosure at lahat ng iba pang abiso, impormasyon o komunikasyon na maaaring iniaatas sa aming iPadala sa iyo nang pana-panahon sa ilalim ng naaangkop na batas. Sumasang-ayon kang magpanatili ng kopya ng anumang electronic na komunikasyon, kabilang na ang isang kopya ng Kasunduang ito para sa iyong mga record at sanggunian sa hinaharap. Ang anumang abiso o iba pang komunikasyon ay ituturing na naihatid na kapag na-email sa iyong nakatalagang email address, ayon sa ibinigay o na-update mo nang pana-panahon.

Paghihigpit, Pagsususpende, o Pagwawakas ng Mga Serbisyo o ng Kasunduang ito:

Nakalaan sa Remitly ang karapatang wakasan, suspindihin, o paghihigpitan ang access sa kabuuan o anumang bahagi ng Mobile Application, website o Mga Serbisyo nang walang abiso o liability, maliban kung isa kang sole proprietor sa Quebec na itinuturing na consumer sa ilalim ng QCPA, kung saan bibigyan ka namin ng abiso tungkol sa anumang pagwawakas ng Kasunduang ito alinsunod sa naaangkop na batas.

Pagiging Kwalipikado; Paggamit ng Business Account: para maging kwalipikadong magbukas ng Remitly Business Account o gamitin ang Business Account ng Remitly mo:

- **Edad at Kapasidad.** Ikaw ay dapat labingwalong (18) taong gulang o pataas at may kapasidad na pumasok sa isang legal na may bisang kasunduan sa ilalim ng naaangkop na batas para ma-access o magamit ang Serbisyo bilang Sender. Posibleng may mga malapat na iba pang paghihigpit;

- **Nakatira sa Canada.** Kasalukuyang hindi available ang Serbisyo sa mga residente ng ilang partikular na probinsya ng Canada. Pakitingnang madalas ang aming website para malaman kung ang probinsyang tinitirhan mo ay naidagdag na sa listahan ng mga kwalipikadong hurisdiksyon.

- **Alok at Pagtanggap.** Kung magsusumite ka ng transaction, hinihiling mong iproseso namin ang iyong transaction, isang offer na posible naming tanggapin o tanggihan batay sa aming sariling pagpapasya.

Para ma-access ang aming Serbisyo sa Business, kinakailangan mong mag-register sa Remitly at mag-set up ng Remitly Business Account sa website ng Remitly o sa pamamagitan ng aming Mobile Application. Para magbukas ng Remitly Business Account, kung hindi mo pa nagagawa, dapat kang magbigay sa amin ng iyong email address at gumawa ng password. Nakabinbin ang matagumpay na pagkumpleto sa anumang kinakailangang hakbang na iniaatas sa amin na gawin para ma-verify ang impormasyon ng business mo, at pagkatapos nito ay magkakaroon ka ng access sa iyong Remitly Business Account kung saan magagamit mo ang aming Serbisyo sa Business.

Dapat na may awtoridad kang ipailalim ang iyong business sa Kasunduang ito at gamitin ang Serbisyo ng ito. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad. Kung hindi ka magbibigay ng katibayan ng awtoridad na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access.

Dapat ding itinuturing na nasa good standing ang iyong business sa hurisdiksyon kung saan ka nakarehistro. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing good standing. Kung hindi ka magbibigay ng nasabing katibayan na katanggap-tanggap sa amin, maaari naming isara o suspindihin ang iyong Remitly Business Account o huwag kang bigyan ng access.

Seguridad ng Account: Ang iyong Remitly Business Account ay para lang sa business mo. Hindi ka pinapayagang magsagawa ng mga non-business transaction gamit ang aming Serbisyo sa Business o sa pamamagitan ng Business Account mo. Hindi mo dapat i-share ang impormasyon ng Business Account mo sa kahit kaninong hindi pinapahintulutang gamitin ang account na ito o mag-send ng pera sa ngalan ng iyong business. Kung sa palagay mo ay may ibang nag-access ng iyong Remitly Business Account na hindi dapat nagka-access dito, dapat mo kaming abisuhan sa lalong madaling panahon. **Dapat malaman mo ring hindi namin kailanman hihingin ang password ng iyong Remitly Business Account.** Para sa impormasyon tungkol sa kung paano kami nangongolekta, nagso-store, at nagshe-share ng iyong impormasyon, pakitingnan ang aming [Patakaran sa Privacy](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>).

Paano makipag-ugnayan sa amin para sa mga reklamo, hindi pagkakaunawaan, o iba pang isyu: Umaasa kaming magugustuhan mong gamitin ang Remitly Business Account. Kung hindi namin maabot ang iyong mga inaasahan, makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng aming Page ng Mga Reklamo, tumawag sa amin sa 1-888-736-4859 (o tumawag sa +1 (206) 535-6152), para masubukan nating ayusin ang mga bagay-bagay. Kung gusto mong ihinto ang paggamit sa aming Serbisyo sa Business anumang oras, pakisara ang iyong Business Account o makipag-ugnayan sa amin para sa tulong.

2. Overview ng Business Account

Nagbibigay-daan ang Remitly Business Account sa mga nakarehistrong user na mag-send ng internasyonal na money transfer mula Canada papunta sa iba pang bansa gaya ng nakasaad sa iyong Mobile Application. Maaari naming i-update ang listahang ito at magdagdag o mag-alis ng mga bansa sa sarili naming pagpapasya. Nakalaan sa Remitly ang karapatang ihinto ang pag-offer ng mga money transfer sa alinmang bansa anumang oras, nang pansamantala o permanente, nang walang abiso sa iyo.

3. Pagsisimula at Paggamit sa aming Serbisyo sa Business

Paggawa ng Account. Para magamit ang Serbisyo, kinakailangan mong gumawa ng Remitly Business Account. Makakagawa ka lang ng Remitly Business Account sa website ng Remitly o sa pamamagitan ng aming Mobile Application. Para gumawa ng Remitly Business Account at gamitin ang Serbisyo, maaari kang atasan na bigyan kami ng impormasyon tungkol sa iyong business, kasama ang pero hindi limitado sa pangalan ng business mo, address ng business, pangalan sa Doing Business As ("d/b/a"), BN, hurisdiksyon kung saan itinatag, paglalarawan sa business, at uri ng entity. Nagbibigay-daan sa amin ang iyong Remitly Business Account na mag-record ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyo, gaya ng ipinaliwanag sa aming [Patakaran sa Privacy](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>). Maaari ka ring atasan na magbigay ng impormasyon tungkol sa (Mga) Beneficial Owner at (Mga) Control Person ng iyong business, kasama ang buong pangalan, address, at petsa ng kapanganakan. **Kung magbabago ang nasabing impormasyon, dapat kang makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer para i-update ang iyong impormasyon.**

Para gumawa ng Remitly Business Account, ikaw ay responsable para sa at dapat mong gawin ang sumusunod:

- Magbigay sa amin ng kumpleto, tumpak, at makatotohanang impormasyon ayon sa hinihiling namin. Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin din namin para matukoy kung kwalipikado kang gamitin ang aming Serbisyo;
- Gumawa ng mga kredensyal ng seguridad, gaya ng password o personal identification number, na itinuturing ng Remitly na kinakailangan ("Mga Kredensyal ng Seguridad") at/o pag-download ng aming Mobile Application;

Kapag naaangkop para gumawa ng pagbabayad sa pamamagitan ng Serbisyo, dapat mo rin kaming bigyan ng impormasyon tungkol sa iyong mga paraan ng pagbabayad gaya ng iyong bank account, o debit o credit card (kung sama-sama, "Mga Paraan ng Pagbabayad"). Kapag bibigyan mo kami ng impormasyon tungkol sa iyong Paraan ng Pagbabayad para sa layunin ng paggamit sa Serbisyo, pinapahintulutan mo ang Remitly na i-store ang impormasyong iyon sa file para sa paggamit para sa mga pag-transfer ng mga pondo. Bilang karagdagan, kinakatawan at ginagarantiyahan mong:

- ang bawat Paraan ng Pagbabayad ay valid, hindi pa nag-expire, at may good standing;
- isa kang awtorisado at sumusunod sa batas na user ng bawat Paraan ng Pagbabayad;
- ang bawat transaction na hihilingin mo sa pamamagitan ng Serbisyo ay

sumusunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at panuntunan; at

- magsasagawa ka ng anupamang pagkilos na maaari namin, o ng aming mga third-party na Provider ng Serbisyo (binibigyang-kahulugan sa ibaba), na makatuwirang iatas sa iyo para ma-access at magamit mo ang Serbisyo.

Seguridad ng Iyong Remitly Business Account. Ikaw ang natatanging responsable para sa pag-iingat sa iyong Mga Kredensyal ng Seguridad. Aabisuhan mo kami kaagad tungkol sa anumang hindi awtorisadong paggamit ng iyong password o Remitly Business Account o anupamang paglabag sa seguridad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa Help Center namin.

Control Person; Awtoridad na Kumilos sa Ngalan ng Iyong Business; Awtorisadong User. Kinukumpirma mong isa kang control person ng business na ito. Kapag tinutukoy namin ang control person, ang ibig naming sabihin ay isa kang taong may malaking responsibilidad para sa pamamahala sa business na ito.

Kinukumpirma mong ikaw o ang mga inaprubahan mong gumamit ng account na ito ang magiging (mga) natatanging user ng account na ito sa ngalan ng business na ito. Kinukumpirma mong mayroon kang awtoridad na ipailalim ang business kung para kanino mo ginagamit ang aming Serbisyo, at tinatanggap ng business ang mga tuntunin ng Kasunduang ito. Maaaring hilingin namin sa iyo anumang oras na magbigay ng katibayan ng nasabing awtoridad.

Ikaw ang responsable para sa lahat ng aktibidad na mangyayari sa ilalim ng iyong Business Account. Ang pagbibigay ng pahintulot na i-access ang iyong Remitly Business Account ay hindi nag-aalis sa iyo ng mga responsibilidad mo sa ilalim ng Kasunduang ito, kasama na ang pag-abiso sa amin kung nakompromiso ang iyong Remitly Business Account o kung pinaghihinalaang mali o hindi awtorisado ang isang transaction.

Dapat Mong Gamitin ang Aming Mga Serbisyo para Lang sa Iyong Business. Hindi ka dapat gumawa ng Remitly Business Account at hindi ka dapat magsumite ng transaction sa ngalan ng anupamang business o sa iyong personal na kapasidad. Available lang ang Serbisyon ito sa mga valid na business, ibig sabihin ay para sa paggamit ng mga business customer sa kanilang pangkumpanya o pangkomersyal na kapasidad. Kapag ginamit ang aming Serbisyo para sa anupamang layunin, lumalabag ka sa Kasunduang ito. Nakalaan sa amin ang karapatang wakasan ang iyong Remitly Business Account, suspindihin, o ihinto ang pagbibigay sa iyo ng aming Serbisyo o kaya naman ay ipahinto ang paggamit mo sa aming Serbisyo anumang oras nang walang pananagutan sa iyo.

4. Paggawa at Pamamahala ng Invoice

a\ Puwedeng gawing available sa iyo ng Remitly ang paggawa ng invoice at mga kaugnay na feature sa pamamagitan ng Serbisyo, sa sariling pagpapasya ng Remitly. Walang garantiya ang availability ng mga feature na ito, at posibleng paghigpitan, baguhin, o ihinto ng Remitly ang anumang naturang feature, sa kabuuan o bahagi nito, sa anumang oras nang walang pananagutan sa iyo. Kung saan available, puwede kang gumawa ng mga invoice sa pamamagitan ng Serbisyo.

b\ Puwede mong gamitin ang Serbisyo para i-send at i-track ang iyong mga invoice. Ibinibigay ng Remitly ang mga feature na ito bilang mga software tool lang at hindi kumikilos ang mga ito bilang agent mo para sa mga layunin ng pag-invoice, pagsingil, buwis, o pagsunod. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga feature na ito ng Serbisyo, isinasaad at kinukumpirma mong mayroon ka ng lahat ng karapatan at pahintulot na kinakailangan para makapag-send ng mga invoice at paalala sa iyong mga customer at na ang lahat ng impormasyon sa iyong mga invoice ay kumpleto, tumpak, at legal na sumusunod sa anumang sumasaklaw na kasunduan at naaangkop na batas.

c\ Hindi nagbibigay ang Remitly ng anumang payo sa buwis, batas, o pagsunod sa pamamagitan ng feature sa pag-invoice. Walang pananagutan ang Remitly para sa anumang invoice o paalalang na-send mo gamit ang Serbisyo, kabilang ang mga maling naipadala o hindi natanggap. Walang anumang pananagutan ang Remitly na kaugnay ng mga transaction na pinagbabatayan ng mga invoice na ginawa at/o na-send sa pamamagitan ng Serbisyo at ikaw ang responsable sa paglutas ng anumang kaugnay na hindi pagkakaunawaan.

d\ Hindi isinasaad o kinukumpirma ng Remitly na ang anumang invoice na nabuo sa pamamagitan ng Serbisyo ay sumusunod sa anumang batas, regulasyon, o kinakailangan na naaangkop sa iyo o sa iyong business, kabilang ang kinakailangang nilalaman, format, o delivery method. Ikaw ang tanging responsable para sa pagtiyak na nakakatugon ang iyong mga invoice sa lahat ng naaangkop na legal at pangregulasyong kinakailangan.

5. Pagbabayad para sa Serbisyo

1. Mga singil. Sa bawat transaction na isusumite mo, sumasang-ayon kang bayaran kami ng service fee ("Service Fee"), bukod pa sa halaga ng transaction.

Ang pagbabayad sa Canadian dollar ay dapat na ibigay sa oras na isumite ang

transaction para sa pagpoproseso. Kung magsusumite ka ng transaction na magresulta sa pagsingil sa amin ng mga NSF fee, chargeback fee, o iba pang katulad na gastusin, sumasang-ayon kang i-reimburse ang Remitly para sa lahat ng naturang fee.

2. Pagbabayad. Para maproseso namin ang iyong transaction, pinapahintulutan mo kaming singilin ang alinman sa mga paraan ng pagbabayad na kasama sa iyong profile sa pagbabayad (Ang “Paraan ng Pagbabayad” ay kinabibilangan ng credit card, debit card, o bank account). Kung papalya ang iyong pagbabayad, pinapahintulutan mo kaming ulitin ito nang isa o higit pang beses gamit ang parehong Paraan ng Pagbabayad. Ginagarantiyahan mong isa kang awtorisado at legal na user ng (mga) Paraan ng Pagbabayad.

3. Iba pang Singilin. Hindi namin pananagutan ang mga fee na posibleng ipataw ng mga pinansyal na institusyon na nauugnay sa iyong mga Paraan ng Pagbabayad. Halimbawa, puwedeng ituring ng ilang issuer ng credit card na "cash advance" ang paggamit mo ng iyong credit card para magamit ang Serbisyo at posible silang magpataw ng mga karagdagang fee o singilin para sa transaction. Hindi pananagutan ng Remitly ang anumang fee sa hindi sapat na pondo (non-sufficient funds o NSF), chargeback fee, o iba pang katulad na singilin na posibleng ipataw sa iyo ng bangko, issuer ng credit card, o iba pang provider mo.

6. Awtorisasyon ng Paunang Pinahintulutang Debit

1. Paunang Pinahintulutang Debit (Pre-Authorized Debit o “PAD”). Sa paglalagay ng iyong bank account number at nauugnay na impormasyon bilang iyong Paraan ng Pagbabayad sa profile sa pagbabayad ng account mo, pinapahintulutan mo kaming simulang i-debit ang iyong Paraan ng Pagbabayad para sa mga singilin kaugnay ng paggamit mo sa Serbisyo.

Alinsunod sa Mga Panuntunan sa Mga Pagbabayad sa Canada (“Mga Panuntunan”), kukunin namin ang iyong awtorisasyon para sa anumang pana-panahong pag-debit. Kaugnay nito, kinikilala mo na ang iyong mga tagubilin para sa isang transaction at ang paggamit mo sa Serbisyo ay mangangahulugang valid na awtorisasyon para i-debit namin ang iyong Paraan ng Pagbabayad para sa mga halagang babayaran at sa mga petsa kung kailan dapat nang bayaran ang mga naturang halaga (o kaya, kung ang naturang petsa ay sa isang weekend o holiday ayon sa batas, sa susunod na business day).

Ang awtorisasyong ito sa PAD (“Awtorisasyon”) ay nangangahulugang pagsang-ayon at awtorisasyon mong i-debit ng Remitly ang iyong Paraan ng Pagbabayad at magkakaroon ito ng bisa sa petsa kung kailan mo ibibigay sa Remitly ang impormasyon ng iyong Paraan ng Pagbabayad. Kinikilala mong isa itong PAD ng

Business na kinukuha para sa pagbabayad ng mga produkto o serbisyong nauugnay sa iyong business. Isinasaad at kinukumpirma mo sa amin sa nagpapatuloy na paraan na (i) ang bank account na itinalaga bilang iyong Paraan ng Pagbabayad ay pinapanatili sa pangalan mo; (ii) na sa ilalim ng mga tuntunin ng kasunduan para sa bank account mo sa iyong Pinansyal na Institusyon, ikaw ang awtorisadong signatory sa bank account na puwedeng magpahintulot sa mga pag-debit sa ilalim ng Awtorisasyong ito; (iii) na lahat ng taong pumapayag sa pag-debit sa Paraan ng Pagbabayad ay sumasang-ayon sa mga tuntunin ng Awtorisasyong ito at (iv) na ang impormasyon ng Paraan ng Pagbabayad na ibinigay mo ay tumpak at kumpleto. Malalapat ang Awtorisasyong ito sa anumang Paraan ng Pagbabayad na inilagay sa iyong profile sa pagbabayad.

Sumasang-ayon kang abisuhan kami kaagad tungkol sa anumang pagbabago sa iyong Paraan ng Pagbabayad at/o magbigay ng bagong Paraan ng Pagbabayad na katanggap-tanggap para sa amin at kung saan pinapahintulutan mo ang mga pagbabayad ng mga halagang dapat mong bayaran sa amin. Kung sakaling magkamali kami sa pagproseso ng anumang pagbabayad mula sa iyong Paraan ng Pagbabayad, pinapahintulutan mo kaming magsimula ng iwinastong pag-debit o pag-credit sa iyong Paraan ng Pagbabayad, kung naaangkop, para itama ang pagkakamali alinsunod sa Mga Panuntunan.

2. Pag-debit sa Paraan ng Pagbabayad. Kinikilala mong ibinibigay ang Awtorisasyong ito para sa kapakinabangan ng Remitly at ng iyong pinansyal na institusyon ("Pinansyal na Institusyon") at ibinibigay ito nang isinasaalang-alang ang pagsang-ayon ng iyong Pinansyal na Institusyon na iproseso ang lahat ng pag-debit sa iyong Paraan ng Pagbabayad alinsunod sa Mga Panuntunan. Nalalapat lang ang Awtorisasyong ito sa paraan ng pagbabayad at hindi nito naaapektuhan sa anupamang paraan ang mga obligasyon mo sa amin sa ilalim ng Kasunduang ito o mga kaugnay na kasunduan.

3. Awtorsisasyon at Waiver ng Paunang Pag-abiso. Pinapahintulutan mo kaming i-debit ang iyong Paraan ng Pagbabayad para sa lahat ng halagang dapat bayaran sa amin nang pana-panahon para sa paggamit mo sa Serbisyo, kabilang ang halaga ng transaction at anumang Service Fee. **DAHIL NAG-IIBA ANG HALAGA NG BAYAD PARA SA SERBISYO, SUMASANG-AYON KANG ISUKO ANG PAUNANG PAG-ABISO TUNGKOL SA ANUMANG HALAGA NG BAYAD, SA MGA PETA KUNG KAILAN IPOPROSESO ANG MGA PAG-DEBIT, PATI NA ANG PAG-ABISO TUNGKOL SA ANUMANG PAGBABAGO SA MGA HALAGA O PETA NG PAGBABAYAD SA HINAHARAP. SUMASANG-AYON KA RING MAGBIBIGAY SA IYO NG KUMPIRMASYON SA LOOB NG 5 ARAW NG KALENDARYO PAGKATAPOS NG UNANG PAD.**

4. Pagkansela. Mananatili ang buong pagpapatupad at bisa ng Awtorisasyong ito hanggang sa makatanggap kami ng nakasulat na abiso mula sa iyo tungkol sa pagwawakas nito sa loob ng panahon at sa paraang nagbibigay sa amin ng makatuwirang pagkakataong maaksyunan ito. Puwede mong kanselahin ang Awtorisasyong ito anumang oras sa pamamagitan ng pagsasara ng iyong Remitly

Business Account. Puwede kang kumuha ng sample na form sa pagkansela, o higit pang impormasyon sa iyong mga karapatang kanselahin ang kasunduang ito sa PAD, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong Pinansyal na Institusyon o pagbisita sa [www.cdnpay.ca](<http://www.cdnpay.ca/>). Kinikilala mong ang pagkansela sa Awtorisasyong ito ay hindi winawakasan ang Kasunduang ito o nag-aalis sa iyo ng anumang obligasyong bayaran ang lahat ng halagang dapat bayaran sa amin sa pamamagitan ng paraan ng pagbabayad na katanggap-tanggap para sa amin.

5. Delivery. Kinikilala mong ang pagbibigay sa amin ng Awtorisasyong ito ay nangangahulugang delivery mo ng Awtorisasyong ito sa iyong Pinansyal na Institusyon. Nauunawaan mong ang iyong Pinansyal na Institusyon ay hindi inaatasang i-verify na ang bawat PAD na isinusumite namin ay ibinibigay alinsunod sa Awtorisasyong ito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, halaga, o na ang layunin ng pagbabayad na nauugnay sa pagsusumite ng PAD ay natupad namin bilang kundisyon ng pagpapatupad sa PAD mula sa iyong Paraan ng Pagbabayad. Sumasang-ayon kang makatanggap ng kumpirmasyon ng Awtorisasyong ito sa PAD sa pamamagitan ng email.

6. Paghingi ng Tulong. Mayroon kang partikular na karapatang humingi ng tulong kung may anumang pag-debit na hindi sumusunod sa Kasunduang ito. Halimbawa, may karapatan kang makatanggap ng reimbursement para sa anumang pag-debit na hindi pinapahintulutan o hindi naaayon sa kasunduang ito sa PAD. Para kumuha ng higit pang impormasyon sa iyong mga karapatang humingi ng tulong, puwede kang makipag-ugnayan sa iyong Pinansyal na Institusyon o bumisita sa [www.cdnpay.ca](<http://www.cdnpay.ca/>).

Para ma-reimburse, kinikilala mong isang deklarasyon ang dapat na kumpletuhin at ibigay sa iyong Pinansyal na Institusyon na nag-iisyu sa Paraan ng Pagbabayad sa loob ng 10 araw pagkatapos ng petsa kung kailan lumabas sa Paraan ng Pagbabayad ang PAD na hindi pinagkakasunduan. Kinikilala mong pagkatapos ng 10 araw, ang anumang hindi pagkakaunawaan sa PAD ay usaping dapat lutasin sa pagitan mo at ng Remitly lang.

Pakikipag-ugnayan. Kung mayroon kang anumang tanong kaugnay ng Awtorisasyong ito, makipag-ugnayan sa amin sa [[Serbisyo sa Customer](https://www.remitly.com/home/contact)](<https://www.remitly.com/home/contact>); sa telepono sa 1-888-736-4859 (o 1 (206) 535-6152); o sa mail sa Remitly Canada, Inc., attn: Customer Service (Canada), 401 Union Street, Suite 1000, Seattle WA 98101, USA.

7. Katanggap-tanggap na Paggamit

Itinatakda sa seksyong ito ang mga tuntunin kung saan maaari mong gamitin ang aming Serbisyo at nalalapat ito sa sandaling i-access at/o gamitin mo ang Business Account.

a. Pagsunod: Puwede mo lang gamitin ang aming Mga Serbisyo para sa mga layuning naaayon sa batas. Sumasang-ayon kang gamitin ang Mga Serbisyo nang sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas, panuntunan, at regulasyon. Hindi mo maaaring gamitin ang Mga Serbisyo sa anumang paraan na:

- lumalabag sa anumang naaangkop na lokal, pamprobinsya, panteritoryo, pederal, o internasyonal na batas o regulasyon, o nagdudulot na lumabag ang Remitly sa anumang naaangkop na batas o regulasyon;
- labag sa batas o mapanloko, o may anumang labag sa batas o mapanlokong layunin o epekto;
- para sa layuning magdulot ng panganib o subukang magdulot ng panganib sa mga menor de edad sa anumang paraan;
- para sa anumang bagay na mapang-abuso, mapanganib, o hindi sumususod sa aming mga pamantayan sa content;
- para sa anumang hindi hinihingi o hindi awtorisadong pag-advertise, pampromosyong materyal, o anupamang anyo ng spam;
- makilahok sa mga mapanganib na program gaya ng mga virus, spyware, o katulad na computer code na idinisenyo para magkaroon ng hindi magandang epekto sa operasyon ng anumang computer software o hardware;
- sa anumang paraang iiwas sa pagbabayad ng anumang naaangkop na lokal, pamprobinsya, panteritoryo, pederal, o internasyonal na buwis o mangangasiwa sa hindi pagbabayad ng buwis.

b. Mga Ipinagbabawal na Aktibidad: Hindi mo dapat gamitin ang Mga Serbisyo para sa mga ilegal na transaction, gaya ng money laundering, ilegal na pagsusugal, panloloko, o para pondohan ang mga aktibidad ng terorista. Sumasang-ayon ka ring hindi gagamitin ang Mga Serbisyo sa anumang paraan na maaaring makasira, maka-disable, magpahirap, o makapinsala sa aming mga system o seguridad.

Sa Kasunduang ito, kinukumpirma mong hindi mo gagawin ang sumusunod: 1) maliban kung saan ipinagbabawal ng batas, gamitin sa anumang paraan ang aming Mga Serbisyo kaugnay ng mga business o aktibidad ng business na nakalista sa ibaba sa seksyong ito; at 2) mag-send ng pera sa isang Recipient na lumabag sa Kasunduang ito o sa [Kasunduan sa User ng Remitly.](<https://www.remitly.com/ca/tl/home/agreement>) Habang nagbibigay ng mga halimbawa ang listahang ito, hindi nito ibinibigay ang lahat ng posibleng halimbawa, at nakalaan sa amin ang karapatang suspindihin, limitahan, o huwag ibigay ang aming Mga Serbisyo at/o isara ang iyong account, sa sarili naming pagpapasya, sa sinumang customer na pinaniniwalaan naming posibleng lumabag sa seksyong ito, anumang bahagi ng Kasunduang ito, o lumabag sa aming risk tolerance.

- Mga produkto o serbisyong para sa entertainment ng nasa hustong gulang (sa anumang medium, kasama ang Internet, telepono, o naka-print na materyal);
 - Mga business na alak;
 - Mga produktong tabako;
 - Cannabis;
 - Ilang partikular na kinokontrol na substance o iba pang produkto na kumakatawan sa panganib sa kaligtasan ng consumer;
 - Paraphernalia ng droga;
 - Mga parmasyutiko;
 - Mga kemikal;
 - Mga produktong peke o hindi awtorisado (hal., hindi awtorisadong pagbebenta ng mga designer at/o branded na produkto);
 - Pagsusugal;
 - Paglabag sa mga karapatan sa intellectual property o pinagmamay-arian;
 - Mga produkto at serbisyong hindi legal sa hurisdiksyon kung saan iniaalok ang mga ito;
 - Mga armas, parte ng armas, bala, mga kasangkapan, o iba pang device na idinisenyo para magdulot ng pisikal na pinsala;
 - Pag-trade ng ipinagbabawal at/o endangered na species ng hayop at mga produktong nakukuha sa mga ito;
 - Crowdfunding o serbisyong nakabatay sa mga donasyon;
 - Pagpapayo sa credit o mga ahensyang nag-aayos ng credit;
 - Mga serbisyo ng pagprotekta sa credit o pagprotekta laban sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan;
 - Mga abugado para sa pagka-bankrupt o mga ahensyang nangongolekta na kasama sa pagkolekta ng utang;
 - Mga kumpanyang sangkot sa palitan o pag-trade ng mga cryptocurrency o anupamang virtual na currency;
 - Mga escrow na serbisyo;
 - Mga pinansyal na institusyon at pinansyal na produkto, serbisyo, at seguridad kasama ang mga facilitator ng bayad, mga Money Service Business, peer to peer na transaction, prepaid card, insurance ng tseke o iba pang pinansyal na merchandise o serbisyo;
 - Pag-order sa internet/mail/telepono ng mga produktong pinaghihigpitan ayon sa edad (hal., tabako);
 - Mga multi-level marketing na business, pyramid scheme, at referral marketing;

- Mga produkto at serbisyong may mataas na panganib, kasama na ang mga pagbebenta sa pamamagitan ng telemarketing;
- Mga transaction at serbisyo sa real estate.

c. Katumpakan ng Impormasyon: Sumasang-ayon kang magbibigay ng tumpak, napapanahon, at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong sarili at mga transaction mo, at agad na i-update ang lahat ng impormasyon para panatilihin itong tumpak, napapanahon, at kumpleto.

d. Mga Pagbabago sa Seksyong ito: Maaari naming baguhin ang Seksyong ito anumang oras alinsunod sa mga probisyon sa pagbabago sa Kasunduang ito. Inirerekomenda naming regular na suriin ang page na ito dahil ito ay legal na may bisa sa iyo.

8. Pagsunod at Pag-verify

a. Impormasyong KYB: Dapat kang magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon na kailangan para sa pagsunod sa KYB at dapat agad mong i-update ang anumang pagbabago sa impormasyong ito.

b. Pagsusuri sa Pagsunod: Nakalaan sa amin ang karapatang magsagawa ng mga pagsusuri at pag-audit para sa pagsunod para ma-verify ang iyong pagsunod sa Kasunduang ito at sa mga naaangkop na batas.

9. Paano at Bakit Kami Nangongolekta ng Personal na Impormasyon

1. a. Patakaran sa Privacy. Sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa Kasunduang ito, kinikilala at pinapahintulutan mo ang [Patakaran sa Privacy ng Remitly] (<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>).

2. Programa sa Pagkilala ng Customer. Iniaatas ng batas ng Canada na kumuha, mag-verify, at mag-record kami ng impormasyon tungkol sa iyo. Maaari naming hilingin na magbigay ka sa amin ng personal na impormasyon. Pinapahintulutan mo kaming i-verify ang impormasyong ibibigay mo sa amin, kabilang na ang pagbanggit sa impormasyon ng ulat sa credit na nakuha mula sa mga ahensya sa pag-uulat ng credit sa Canada o pakikipag-ugnayan sa mga naturang ahensya kaugnay ng pagkakaroon mo ng o haba ng naka-file mong credit. Puwede rin kaming kumuha, kung saan legal ito, ng impormasyon tungkol sa iyo mula sa iba pang source, kabilang ang hindi personal na impormasyon na nagbibigay ng pagkakakilanlan na maaari naming makuha habang bumibisita ka sa website na ito.

Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang aming [Patakaran sa Privacy] (<https://www.remitly.com/ca/tl/home/policy>).

3. Mga Paghahayag ng Pamahalaan. Posibleng magbigay kami ng impormasyon tungkol sa iyo at sa iyong mga transaction sa mga awtoridad ng pamahalaan at mga ahensya sa pagpapatupad ng batas, gaya ng inilalarawan sa aming Patakaran sa Privacy.

4. Nagve-verify na impormasyon. Pinapayagan at pinapahintulutan mo kaming magsagawa ng anumang pagsisiyasat, sa iyo o sa ibang tao, na kinakailangan para ma-validate ang impormasyong ibinibigay mo sa amin. Puwedeng kasama rito ang paghingi sa iyo ng karagdagang impormasyon, pag-aatas sa iyong magsagawa ng mga hakbang para makumpirma ang pagmamay-ari mo sa iyong email address o mga instrumentong pampinansyal, pag-verify sa iyong impormasyon batay sa mga database ng third party, o sa pamamagitan ng iba pang source.

5. Pagproseso ng Personal na Impormasyon. Tina-transfer at sino-store ng Remitly ang personal na data sa United States at iba pang internasyonal na hurisdiksyon para maisagawa ang mga obligasyon nito at magamit ang mga karapatan nito sa ilalim ng Kasunduan. Ang mga naaangkop na batas sa privacy ng iba pang internasyonal na hurisdiksyon ay maaaring naiiba sa mga batas sa Canada.

10. INTELLECTUAL PROPERTY

Kinikilala mo na ang Serbisyo, kabilang na, nang walang limitasyon, ang content ng website na ito, text, impormasyon, data, graphics, mga logo, at mga larawan, pati na ang lahat ng iba pang copyright, trademark, trade name, logo, at pangalan ng produkto at serbisyo ng Remitly, at lahat ng iba pang karapatan sa intellectual property ay eksklusibong pagmamay-ari ng Remitly Canada, Inc. at mga affiliate o licensor nito (ang "Intellectual Property ng Remitly"). Sumasang-ayon kang hindi ipapakita, gagamitin, kokopyahin, ibebenta, isisiwalat, o babaguhin ang Intellectual Property ng Remitly sa anumang paraan. Pinapahintulutan kang tingnan lang at magpanatili ng kopya ng mga page ng website na ito para sa iyong sariling personal at hindi komersyal na paggamit. Dagdag pa rito, sumasang-ayon kang hindi gagawin ang mga sumusunod: (i) gumamit ng anumang robot, spider, scraper, artificial intelligence o iba pang naka-automate na device para ma-access ang Serbisyo; (ii) alisin o baguhin ang anumang copyright, trademark o iba pang pinagmamay-ariang abiso o legend na naka-display sa website na ito (o sa mga naka-print na page nito); o (iii) lumabag o tumutol sa anumang paraan sa Intellectual Property ng Remitly, o sa copyright, patent, trademark, trade secret o iba pang karapatan sa intellectual property, o mga karapatan sa pagsasapubliko o privacy ng Remitly, mga affiliate nito, o sinupamang third party, kahit na pagkatapos mawakasan o mag-expire ang Kasunduang ito.

Kung bibigyan mo kami ng anumang suhestyon, feedback, review o input sa paraang

pasalita o elektroniko, nang pasulat o iba pang paraan ("Input ng Customer") na nauugnay sa aming Mga Serbisyo, kami (at ang aming mga entidad ng grupo ng kumpanya) ang magmamay-ari ng lahat ng karapatan, titulo at interes sa Input ng Customer, kahit na itinalaga mong kumpidensyal ang Input ng Customer. Kami at ang aming mga entidad ng grupo ng kumpanya ay magkakaroon ng karapatang gamitin ang Input ng Customer nang walang paghihigpit, kabilang na para sa layunin ng marketing o negosyo. Itinatalaga mo sa amin dito, at sumasang-ayon kang itatalaga sa amin, ang lahat ng karapatan, titulo at interes sa at ang mismong Input ng Customer (at anumang Intellectual Property ng Remitly kung saan makakuha ka ng karapatan sa pamamagitan ng batas o iba pang paraan), at isusuko mo ang lahat ng moral at iba pang hindi naitatalagang karapatan na nauugnay rito. Dagdag pa rito, sumasang-ayon kang ibigay sa amin ang anumang tulong na maaaring kailanganin namin para idokumento, kumpletuhin, ipagtanggol, ipatupad at panatilihin ang aming mga karapatan sa Input ng Customer at Intellectual Property ng Remitly. Para sa layuning ito, ang salitang: "italaga" ay isang legal na terminong nangangahulugang legal na tina-transfer ang benepisyo, gaya ng pag-transfer mo ng benepisyo ng Input ng Customer sa amin.

11. DISCLAIMER NG MGA WARRANTY

Nagsasagawa kami ng mga makatuwirang pagsisikap para matiyak na mapoproseso ang mga transaction nang napapanahon, pero hindi kami nagbibigay ng anumang representasyon, warranty o kundisyon, na hayagan o ipinapahiwatig, kaugnay ng oras na kinakailangan para makumpleto ang pagpoproseso dahil nakadepende ang Serbisyo sa maraming salik na wala sa aming kontrol.

MALIBAN KUNG HAYAGANG ISINASAAD DITO AT SA GANAP NA LAWAK NA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, ANG SERBISYO AY IBINIBIGAY SA IYO NANG "AS IS" AT WALANG ANUMANG WARRANTY AT HAYAGANG DINI-DISCLAIM NG REMITLY ANG LAHAT NG IBA PANG REPRESENTASYON, WARRANTY, AT KUNDISYON, NA HAYAGAN O IPINAPAHIWATIG, KABILANG, NANG WALANG LIMITASYON, ANG ANUMANG REPRESENTASYON, WARRANTY O KUNDISYON NG PAGIGING NAIBEBENTA O AKMA PARA SA PARTIKULAR NA LAYUNIN, O ANUMANG WARRANTY NA NAGMUMULA SA PROSESO NG PAKIKIPAGNEGOSYO, PERFORMANCE, O PAGGAMIT SA TRADE. ANG IYONG NAG-IISA AT EKSKLUSIBONG REMEDYO, AT ANG NAG-IISANG OBLIGASYON NG REMITLY SA IYO O SINUMANG THIRD PARTY PARA SA ANUMANG CLAIM NA NAGMUMULA SA PAGGAMIT MO SA SERBISYO, AY MALAYA KANG IHINTO ANG PAGGAMIT MO SA SERBISYO ANUMANG ORAS.

Sa ilang hurisdiksyon, hindi pinapayagan ang disclaimer ng mga ipinapahiwatig na warranty, kaya hindi malalapad sa iyo ang naunang disclaimer. Binibigyan ka ng warranty na ito ng mga partikular na legal na karapatan at maaari ka ring magkaroon ng iba pang legal na karapatan na nag-iiba-iba kada probinsya. Anuman ang sitwasyon, may karapatan ka sa pag-refund gaya ng hayagang inilalarawan dito.

12. BAYAD-PINSALA

Sumasang-ayon kang babayaran ng danyos at hindi ipapahamak ang Remitly, Mga Provider ng Serbisyo, at ang mga kaukulang subsidiary, opisyal, ahente, partner, at empleyado mula sa anumang claim o demand, kasama na ang mga makatuwirang legal fee, na ginawa ng sinumang third party dahil sa o nagmumula sa iyong paggamit ng Serbisyo, iyong koneksyon sa Serbisyo, iyong paglabag sa Kasunduang ito, o iyong paglabag sa anumang karapatan ng iba.

13. HINDI NALALAPAT SA MGA SOLE PROPRIETOR SA QUEBEC NA ITINUTURING NA MGA CONSUMER SA ILALIM NG QCPA. LIMITASYON NG PANANAGUTAN

HANGGANG SA GANAP NA LIMITASYONG PINAPAHINTULUTAN NG NALALAPAT NA BATAS, HINDI KAILANMAN MANANAGOT ANG REMITLY, MGA PROVIDER NG SERBISYO, O ANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, AFFILIATE, OPISYAL, AHENTE, PARTNER, O EMPLEYADO NG MGA ITO PARA SA ANUMANG PAGKALUGI, NA HINDI DIREKTA, NAGKATAON, ESPESYAL, MAPANIRA, KINAHINATNAN, TIPIKAL O PINALALANG PINSALA PARA SA ANUMANG CLAIM O PAGLILITIS, LIABILITY, OBLIGASYON, PINSALA, PAGKALUGI O GASTUSIN SA HALAGANG LUMALAMPAS SA CAD\500.00 (BUKOD PA SA PAG-REFUND NG HALAGA NG TRANSACTION AT MGA SERVICE FEE), KABILANG ANG, NGUNIT HINDI LIMITADO SA MGA PINSALA SA PAGKAKAWANGGAWA, PAGGAMIT, DATA O IBA PANG HINDI TIYAK NA PAGKAWALA (KAHIT NA PINAYUHAN NA ANG REMITLY TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG MGA NATURANG PINSALA) NA MAGMUMULA, MAGRERESULTA MULA, O NAUUGNAY SA PAG-HACK, PAG-TAMPER, O IBA PANG HINDI AWTORISADONG PAG-ACCESS O PAGGAMIT SA SERBISYO O IYONG REMITLY BUSINESS ACCOUNT O IMPORMASYONG NILALAMAN NG MGA IYON O KAPABAYAAN NG REMITLY, MGA PARTNER SA DISBURSEMENT, O NG KANILANG MGA KAUKULANG SUBSIDIARY, OPISYAL, AHENTE, PARTNER, O EMPLEYADO.

HINDI MANANAGOT ANG REMITLY PARA SA MGA PAGKAANTALA, PAGKAABALA, PAGPALYA NG SERBISYO, O IBA PANG PROBLEMANG NAKAPALOOB SA PAGGAMIT NG INTERNET, MGA ELEKTRONIKONG KOMUNIKASYON, MGA NETWORK NG TELECOMMUNICATION O IBA PANG SISTEMA O NETWORK NA WALANG MAKATUWIRANG KONTROL ANG REMITLY.

SA GANAP NA LAWAK NA PINAPAHINTULUTAN NG NAAANGKOP NA BATAS, WALANG INAAKONG PANANAGUTAN O RESPONSABILIDAD ANG REMITLY PARA SA ANUMANG: (I) ERROR, PAGKAKAMALI, O MALING IMPORMASYON NG CONTENT; (II) PERSONAL NA PINSALA O PINSALA SA ARI-ARIAN, SA KAHIT ANONG KATANGIAN NITO, NA MAGRERESULTA SA PAG-ACCESS O PAGGAMIT MO SA AMING SERBISYO; (III)

ANUMANG HINDI AWTORISADONG PAG-ACCESS O PAGGAMIT SA AMING MGA SECURE NA SERVER AT/O ANUMAN AT LAHAT NG PERSONAL NA IMPORMASYONG NILALAMAN NG MGA ITO; (IV) ANUMANG PAGKAANTALA O PAGHINTO NG TRANSMISSION PAPUNTA O MULA SA SERBISYO; (V) ANUMANG BUG, VIRUS, TROJAN HORSE, O KATULAD NITO NA MAAARING I-TRANSMIT NG SINUMANG THIRD PARTY SA O SA PAMAMAGITAN NG AMING SERBISYO; (VI) ANUMANG ERROR O PAGKUKULANG SA ANUMANG CONTENT O PARA SA ANUMANG PAGKALUGI O PINSALANG NATAMO BILANG RESULTA NG PAGGAMIT SA ANUMANG CONTENT NA NA-POST, NA-EMAIL, NA-TRANSMIT, O GINAWANG AVAILABLE SA ANUPAMANG PARAAN SA PAMAMAGITAN NG SERBISYO; AT/O (VII) CONTENT NG USER O SA MAPANIRA, MAPANAKIT, O ILEGAL NA PAGKILOS NG SINUMANG THIRD PARTY.

ANG SEKSYONG ITO NG LIMITASYON NG PANANAGUTAN AY NALALAPAT KAHIT NA NAKABATAY ANG SINASABING PANANAGUTAN SA KONTRATA, TORT, KAPABAYAAN, MAHIGPIT NA PANANAGUTAN, O ANUPAMANG BATAYAN, KAHIT NA PINAYUHAN NA ANG REMITLY TUNGKOL SA POSIBILIDAD NG NATURANG PINSALA. ANG NABANGGIT NA LIMITASYON NG PANANAGUTAN AY MALALAPAT SA GANAP NA LAWAK NA PINAPAHINTULUTAN NG BATAS SA NAAANGKOP NA HURISDIKSYON.

14. PAGLUTAS SA HINDI PAGKAKAUNAWAAN AT SUMASAKLAW NA BATAS

1. Sumasaklaw na Batas at Venue Ang Kasunduang ito, at anumang hindi pagkakaunawaan o claim na magmumula o nauugnay sa Serbisyo o sa Kasunduan (ang bawat isa ay "Claim") ay pamamahalaan at bibigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas ng Province of British Columbia at mga pederal na batas ng Canada na naaangkop dito nang walang pagsasaalang-alang sa mga tunggalian ng mga prinsipyo ng batas at, kung isa kang sole proprietor sa Quebec na itinuturing na consumer sa ilalim ng QCPA, ang Kasunduang ito at anumang Claim na magmumula o nauugnay sa Serbisyo o sa Kasunduan ay pamamahalaan at bibigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas ng Province of Quebec at mga pederal na batas ng Canada na naaangkop dito. Maliban kung iba sa isinasaad sa Seksyong ito, sumasang-ayon kang mapailalim sa eksklusibong hurisdiksyon ng mga hukumang may nararapat na hurisdiksyon sa Vancouver, British Columbia, maliban kung isa kang sole proprietor sa Quebec na itinuturing na consumer sa ilalim ng QCPA, kung saan sumasang-ayon kang mapailalim sa eksklusibong hurisdiksyon ng mga hukuman ng Quebec. Hayagang ibinubukod ang pagiging nalalapat ng United Nations Convention on Contracts for the International Sale of Goods sa Kasunduang ito.

2. Mga Hindi Pagkakaunawaan sa Remitly. Kung magkakaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng Remitly, layunin naming alamin at matugunan ang iyong mga alalahanin. Kung hindi namin matutugunan ang iyong mga alalahanin ayon sa inaasahan mo, sisikapin naming mabigyan ka agad ng walang kinikilingan at sulit na paraan ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan.

Ang mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng Remitly tungkol sa Serbisyo ay maaaring iulat online sa [Serbisyo sa Customer](<https://www.remitly.com/home/contact>); sa telepono sa 1-888-736-4859 (o 1 (206) 535-6152); o sa mail sa Remitly Canada, Inc., attn: Customer Service (Canada), 401 Union Street, Suite 1000, Seattle WA 98101, USA.

HINDI NALALAPAT SA MGA SOLE PROPRIETOR SA QUEBEC NA ITINUTURING NA MGA CONSUMER SA ILALIM NG QCPA. Pag-aareglo.

Ang anumang hindi pagkakaunawaan kaugnay ng Kasunduang ito, kabilang ang pagiging valid, pag-iral, pagkakaroon ng bisa, pagpapakahulugan, pagpapatupad, paglabag o pagwawakas, at kabilang ang mga tort claim, ay maaaring i-refer sa at tukuyin sa wakas, sa pagbubukod ng mga hukuman, ng iisang tagapamagitan. Ang pag-aareglo ay isasagawa sa Vancouver, British Columbia, sa English, at alinsunod sa National Arbitration Rules ng National Arbitration Institute of Canada, Inc. Sa lahat ng iba pang aspekto, ang pag-aareglo ay pamamahalaan ng at mapapailalim sa Arbitration Act (RSBC). Ang award ng tagapamagitan ay magiging pinal at may bisa, at wala sa dalawang partido ang magkakaroon ng karapatang iapela ito batay sa anumang error sa katotohanan o batas.

15. MGA KOMUNIKASYON

Kinikilala at pinapayagan mong ang Kasunduang ito ay papasukan sa elektronikong paraan. Ang paggawa mo ng Remitly Business Account at password ay katumbas ng elektronikong paglagda sa Kasunduang ito at mga nauugnay na kasunduan at may parehong epekto ng paglagda mo sa mga dokumentong ito sa papel.

Ang mga sumusunod na kategorya ng impormasyon ("Mga Komunikasyon") ay maaaring ibigay sa elektronikong paraan, nang napapailalim sa mga kinakailangan ng mga Anti-Spam Law ng Canada (CASL): (i) ang Kasunduang ito at anumang pagsusog, pagbabago o pagdaragdag dito; (ii) ang iyong mga record ng mga transaction sa pamamagitan ng Serbisyo; (iii) anumang inisyal, pana-panahon o iba pang disclosure o abiso na ibinibigay kaugnay ng Serbisyo, kabilang nang walang limitasyon ang mga iniaatas ng naaangkop na batas; (iv) anumang komunikasyon ng serbisyo sa customer, kabilang nang walang limitasyon ang mga komunikasyon kaugnay ng mga claim ng error o hindi awtorisadong paggamit sa Serbisyo; (v) anupamang komunikasyong nauugnay sa Serbisyo o Remitly.

Ang mga komunikasyon ay maaaring ibigay sa iyo sa (mga) numero ng telepono na ibibigay mo sa amin sa pamamagitan ng (i) paggamit sa autodialed o prerecorded na message call o (ii) mga text message, na napapailalim sa mga iniaatas ng CASL. Maaari kaming makipag-ugnayan sa iyo nang direkta o kaya ay i-share namin ang numero ng telepono mo sa mga provider ng serbisyo kung kanino kami may kontrata para magbigay ng mga naturang Komunikasyon. Puwedeng malapat ang mga

karaniwang singil sa minuto ng telepono at text. Ang mga kinakailangang hardware at software para sa access sa at pagpapanatili ng Mga Komunikasyong nauugnay sa Serbisyo ay kinabibilangan ng personal na computer o iba pang device na may kakayahang i-access ang Internet; isang Internet Web Browser; at isang printer o iba pang device na may kakayahang mag-print at/o magpanatili ng mga kasunduan at dokumento.

Hindi pinapahintulutan ng Serbisyo ang pagbibigay ng Mga Komunikasyon sa papel na format o sa iba pang hindi elektronikong paraan. Maaari mong bawiin ang pagpayag mong makatanggap ng Mga Komunikasyon sa elektronikong paraan, pero kung gagawin mo ito, wawakasan ang paggamit mo sa Serbisyo. Para bawiin ang pagpayag mo, dapat kang makipag-ugnayan sa amin gamit ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Kasunduang ito.

16. MISCELLANEOUS

1. Mga link at content ng mga third party na website. Ang anumang external na link sa mga third-party na website o third-party na content sa aming website ay ibinibigay para maging madali sa iyo na mapuntahan ang mga ito at hindi ito nagpapahiwatig ng pag-endorso ng Remitly sa third-party na website o content. Ang mga site na ito ay hindi namin kontrolado sa anumang paraan, at hindi namin pananagutan ang katumpakan, pagiging kumpleto, legalidad o anupamang aspeto ng mga ibang site na ito kabilang ang anumang content na ibinibigay ng mga ito. Puwede mong i-access ang mga naturang website sa sarili mong pagpapasya.

2. Buong Kasunduan. Ang Kasunduan ay sumasaklaw sa buong kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly at pinapamahalaan nito ang paggamit mo sa Serbisyo, na nangingibabaw sa anumang naunang kasunduan sa pagitan mo at ng Remitly.

3. Walang Waiver. Ang hindi paggamit o pagpapatupad ng Remitly sa anumang karapatan o probisyon ng Kasunduan ay hindi nangangahulugan ng waiver sa naturang karapatan o probisyon. Kung mapag-aalaman ng isang tagapamagitan o hukuman ng naaangkop na hurisdiksyon na hindi valid ang anumang probisyon ng Kasunduan, sumasang-ayon ang mga partido na dapat sikapin ng tagapamagitan o hukuman na bigyan ng naaangkop na valid na bisa ang intensyon ng Kasunduan gaya ng ipinapakita sa probisyon, at mananatiling ganap na ipinapatupad at may bisa ang iba pang mga probisyon ng Kasunduan.

4. Force Majeure. Hindi kami mananagot para sa anumang pagpalya o pagkaantala sa performance ng Serbisyo hangga't ang naturang pagpalya o pagkaantala ay dulot ng mga bagay na hindi namin makatuwirang makontrol, kabilang, nang walang limitasyon ang: mga pagbabago sa mga nalalapat na batas; pagsasara o hindi pagiging available ng kinakailangang pisikal o network infrastructure; sovereign default; pagkawala ng kuryente o internet; kaguluhan; digmaan; at lindol, sunog, baha, o iba pang likas na sakuna.

17. SEGURIDAD

Napakahalaga ng iyong seguridad sa Remitly, at gumagamit kami ng iba't ibang hakbang sa seguridad para matiyak na secure ang iyong impormasyon. Hinihikayat ka naming mag-isip nang mabuti bago ka magpadala ng pera sa sinumang hindi mo gaanong kilala. Dapat kang maging partikular na maingat sa mga deal o offer na parang hindi kapani-paniwala. Kung sa tingin mo ay naging biktima o posibleng maging biktima ka ng panloloko, pakitawagan kami agad sa telepono sa 1-888-736-4859 (o +1 (206) 535-6152). Kung may alam kang sinuman o anumang entidad na gumagamit sa Serbisyo sa hindi naaangkop na paraan, mangyaring mag-email sa amin sa [abuse@remitly.com](mailto:abuse@remitly.com). Kung makatanggap ka ng anumang peke (phishing) na email, na sinasabing mula sa Remitly, paki-forward ang mga ito sa amin sa [abuse@remitly.com](mailto:abuse@remitly.com).

18. WIKA

Available ang Kasunduang ito sa mga bersyon sa wikang French at English. Kinukumpirma mo rito na hiniling mo na ang Kasunduang ito at lahat ng nauugnay na dokumento ay balangkasin sa Tagalog, at na binigyan ka ng bersyon ng Kasunduang ito sa wikang French at na sumang-ayon kang mapailalim sa bersyon ng Kasunduang ito sa wikang Tagalog. *La présente convention est disponible en français et en anglais. Vous confirmez par la présente que vous avez demandé que la présente convention et tous les documents y étant afférents soient rédigés en anglais, que vous avez reçu une version française de la présente convention et que vous avez accepté d'être lié par la version anglaise de la présente convention.*

19. IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Ang mga tanong, abiso, at request para sa mga refund o higit pang impormasyon ay puwedeng ipadala sa Remitly, ayon sa sumusunod:

[[online](https://www.remitly.com/home/contact)](https://www.remitly.com/home/contact); sa telepono sa 1-888-736-4859 (o +1 (206) 535-6152); o sa mail sa Remitly Canada, Inc., attn: Customer Service (Canada), 401 Union Street, Suite 1000, Seattle, WA 98101, USA.

KINIKILALA MONG BINASA AT NAUNAWAAN MO ANG MGA TUNTUNIN AT KUNDISYONG ITO AT SUMASANG-AYON KANG MAPAILALIM SA MGA ITO. KINIKILALA AT SINASANG-AYUNAN MONG SA TUWING MAGSUSUMITE KA NG IMPORMASYON O MAGSASAGAWA KA NG ANUMANG TRANSACTION KAUGNAY NG SERBISYO, ANG

BAWAT NATURANG TRANSACTION AY NANGANGAHULUGAN SA PAGSANG-AYON AT INTENSYON MONG MAPAILALIM SA MGA TUNTUNIN AT KUNDISYONG ITO.

Na-update noong Agosto 31, 2026